# CAMINAR

## ABISO NG MGA KASANAYAN SA PRIVACY

## EPEKTIBO MULA JULY 1, 2021

**Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring magamit at maihayag ang iyong medikal na impormasyon at kung paano ka magkakaroon ng access sa impormasyong ito. Pakisuyong repasuhin ito ng mabuti.**

## A. INTRODUKSYON

Sa panahon ng kurso ng pagbibigay ng mga sebisyo at pangangalaga sa iyo, ang Caminar ay nagtitipon, lumilikha, at nagpapanatili ng ilang mga personal na impormasyon tungkol sa iyo, kilala bilang "protektadong impormasyon sa kalusugan". Ang protektadong impormasyon sa kalusugan ay binubuo ng anumang impormasyon na may kaugnayan sa iyong pisikal at mental na kalusugan, sa anumang pangangalaga sa kalusugan na ibinigay sa iyo, o sa kabayaran para sa iyong pangangalaga na nagpapakilala sa iyo o maaaring gamitin upang kilalanin ka.

Ang Abiso ng mga Kasanayan sa Privacy na ito ay naglalarawan ng aming mga responsibilidad at iyong mga karapatan may kaugnayan sa iyong ipormasyon sa kalusugan, at ipinapaalam sa iyo ang tungkol sa mga posibleng mga paggamit at paghahayag ng mga gayong impormasyon.

## B. ANG AMING MGA RESPONSIBILIDAD

Kami ay kinakailangan ng batas ng pederal at estado na magpanatili ng privacy ng iyong impormasyon sa kalusugan. Kami rin ay kinakailangan ng batas na magbigay ng Abisong ito, na naglalarawan ng aming legal na mga tungkulin at mga kasanayan sa privacy na may paggalang sa iyong impormasyon sa kalusugan. Kami ay susunod sa mga tuntunin ng Abisong ito. Kung saan ang mga kinakailangan sa ilalim batas ng estado ng California ay mas mahigpit kaysa sa pederal na pamantayan, kami ay susunod sa batas ng California. Karagdagan pa, ang mga ulat may kaugnayan sa paggamot sa alkohol at paggamit ng pinagbabawal na gamot ay maaari ring maging paksa sa batas ng espesyal na pederal at privacy ng estado. Susunod kami sa mga batas na ito kapag sila ay mas mahigpit kaysa sa mga probisyon na nasa Abisong ito.

Maaari naming baguhin ito o anumang Abiso sa hinaharap at upang magawang epektibo ang bagong probisyon sa abiso para sa lahat ng impormasyon ng kalusugan na aming hinahawakan. Kung ang pagbabago ay magpakita ng importanteng pagbabago sa aming mga kasanayan sa privacy, kami ay maglalaan ng na-update na Abiso sa iyo o sa iyong legal na kinatawan. Sa lahat ng iba pang sitwasyon, kami ay maglalaan sa iyo ng bagong Abiso kapag hiniling ito. Karagdagan pa, ang na-update na Abiso ay ipapaskil sa malinaw at kilalang lugar sa pasilidad at sa website ng CAMINAR.

## C. PAGGAMIT AT PAGHAHAYAG NA MAY PAHINTULOT MO

Kami ay mangangailangan ng nasusulat na pahintulot mula sa iyo bago namin gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon ng kalusugan, maliban kung kami ay pinahintulutan o kinakailangan na gawin ito ng batas na walang pahintulot mula sa iyo.

Maliban sa napakalimitadong kalagayan, kakailanganin namin ang iyong nasusulat na pahintulot upang magamit o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa layunin ng pagmerkado, upang ipagbili ang iyong impormasyon sa kalusugan sa ikatlong partido, o upang gamitin o ibahagi sa anumang mga tala ng psychotherapy.

Maaari naming ibahagi ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo sa mga taong pinahintulutan mong kausapin ng CAMINAR. Ang lawak ng paghahayag ay tutukuyin mo.

Kami ay naghanda ng porma ng pahintulot na gagamitin mo na nagpapahintulot sa amin na gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin na itinakda sa porma. Hindi mo kinakailangang pirmahan ang porma bilang kondisyon upang magkamit ng paggamot o upang mabayaran ang pangangalaga sa iyo. Kung pumirma ka sa pahintulot, maaari mo itong iurong sa anumang oras gamit ang nasusulat na abiso. Pagkatapos niyan ay hindi na namin gagamitin o ihahayag ang iyong impromasyon sa kalusugan, maliban kung kami ay umasa na sa iyong pahintulot.

## D. PAANO MAAARING GAMITIN O IHAYAG NG CAMINAR ANG IYONG PROTEKTADONG IMPORMASYON SA KALUSUGAN NA WALA ANG IYONG PAHINTULOT

Maaaring gamitin o ibahagi ng CAMINAR ang impormasyon sa kalusugan sa mga sumusunod na mga paraan:

**Sa Pangangalaga at Paggamot sa iyo**

- Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan at ibahagi ito sa ibang mga propesyunal na gumagamot sa iyo. *Halimbawa, maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa doktor na gumagamot sa iyo para sa ibang medikal na kondisyon.*
- Sa karamihang kaso, ang aming mga tauhan ay hindi gagamit ng mga text message upang magpadala o tumanggap ng iyong impormasyon sa kalusugan. Sa mga bihirang kalagayan, ang mga caregiver ng CAMINAR ay maaaring mangailangang makipag-usap sa isa’t-isa gamit ang text message upang pagtuunang pansin ang emerhensyang kinasasangkutan mo, at ang mga mensaheng ito ay maaaring maglaman ng impormasyon sa kalusugan.
- Maaari mo kaming pahintulutan na makipag-usap sa iyo gamit ang text o email may kaugnayan sa napakalimitado, hindi klinikal na mga impormasyon tulad ng iyong oras at petsa ng appointment. Maaari mo rin kaming pahintulutan na makipag-usap gamit ang telepono sa ibang itinalaga mo may kaugnayan sa limitado, hindi klinikal na impormasyong ito. Hihiling kami sa iyo na pumirma sa hiwalay na porma ng pahintulot na pumapayag sa amin na makipag-usap sa ganitong paraan.

**CAMINAR**

## Pagsingil at Pagbabayad

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga pampubliko o pribadong mga insurer ng kalusugan (tulad ng mga kompanya ng insurance sa kalusugan, HMOs, Medicare, at Medi-Cal) upang makasingil at makatanggap ng bayad para sa paggamot sa iyo at mga serbisyo na iyong natanggap. *Halimbawa, ang impormasyon sa bill ay maaaring maglaman ng impormasyon na nagpapakilala sa iyo, maging ang iyong diagnosis, pamamaraan, at mga supply na ginagamit.*
- Maaari rin naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga tagapagbigay pangangalaga sa kalusugan upang mapayagan silang matukoy kung sila ay may masisingil na anumang reimbursement para sa pangangalaga na ibinigay sa iyo.

## Mga Operasyon sa Pangangalaga ng Kalusugan

Maari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa aming mga operasyon sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga paggamit at paghahayag na ito ay kinakailangan upang mapangasiwaan ang CAMINAR at upang subaybayan ang kuwalidad ng aming mga serbisyo at pangangalaga. *Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan upang repasuhin ang aming mga serbisyo at upang suriiin ang pagganap ng aming mga tauhan sa pangangalaga sa iyo.*

## Mga Indibidwal na Kasangkot sa Iyong Pangangalaga o Pagbabayad para sa Iyong Pangangalaga

Maaari kaming maglabas ng medikal na impormasyon tungkol sa iyo sa mga taong pinahintulutan mo kaming kausapin, o sa iyong legal na kinatawan. Maaaring kasama rito ang iyong mga kaibigan o miyembro ng pamilya na kasangkot sa iyong medikal na pangangalaga o isa na tumutulong ng mabayaran ang pangangalaga sa iyo. Kapag pinayagan, maaari rin naming sabihin ang iyong kondisyon sa iyong pamilya o mga kaibigan.

## Pagtugon sa mga Demanda sa Batas at Legal na mga Aksyon

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan bilang tugon sa utos ng hukuman o administratibo, o bilang tugon sa subpoena na inilabas sa demada ng partido, isang administratibong hukuman, o isang pribadong tagapamagitan.

## Kompensasyon ng Manggagawa, Tagapagpatupad ng Batas, at Iba pang Kahilingan ng Gobyerno

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon:

- Upang sumunod sa batas sa kompensasyon ng manggagawa ng California.
- Para sa layunin ng pagpapatupad ng batas, tulad ng pagtugon sa subpoena ng hukuman o search warrant.
- Sa mga opisyal ng pagpapatupad ng batas na nagsisiyasat sa mga krimen na kinasasangkutan ng mga kliyente.

- Para sa mga espesyal na mga tungkulin ng gobyerno, tulad ng militar at pambansang seguridad.

**Pag-uulat ng Pang-aabuso**

Ihahayag namin ang impormasyon ng kalusugan ng isang kliyente na pinaghihinalaang biktima ng pang-aabuso sa lawak na kailangan upang makumpleto ang anumang pasalita o nasusulat na ulat na ipinag-uutos ng batas. Sa ilang mga pangyayari, maaari naming ihayag ang higit pang impormasyon sa kalusugan tungkol sa kliyente upang tulungan ang ahensya ng imbestigasyon na magawa ang tungkulin nito.

**Paglilisensya at Mga Aktibidad ng Pampublikong Kalusugan**

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon:

- Sa pamahalaan o pribadong ahensya, tulad ng California Department of Public Health o sa Medical Board of California, upang maisagawa nila ang kanilang mga aktibidad ng pangagasiwa.
- Sa awtorisadong ahensya upang mangolekta ng impormasyon para sa layuning pagpigil o pagkontrol ng sakit, pinsala, o kapansanan.

**Kasama sa Negosyo**

Maaari kaming makipagkontrata sa ilang mga indibidwal o organisasyon, tinatawag na “kasama sa negosyo”, upang magbigay serbisyo sa ngalan namin. Sa mga kasong ito, magkakaroon kami ng kontrata sa bawat kasama sa negosyo upang mapanatili ang pagkakompidensyal ng iyong impormasyon sa kalusugan. *Halimbawa, maaaring kasama rito ang pagproseso ng data, katiyakan ng kalidad, legal, o mga serbisyo ng accounting.*

**Fundraising**

Ang CAMINAR ay hindi kumukontak ng programa sa mga kliyente para sa layunin ng Fundraising. Kung ang aming mga kasanayan sa fundraising ay magbago sa hinaharap, mayroon kang karapatan upang umatras sa ganyang mga komunikasyon, at magbibigay kami ng paraan upang magawa iyan.

**Koroner, Kaligtasan, at Tulong sa Sakuna**

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon:

- Kapag hiniling ng koroner na payagan ang koroner na magawa ang kanyang mga tungkulin.
- Upang mapigilan ang mabilis, seryosong banta sa kaligtasan ng kinilalang tao.
- Sa pampubliko o pribadong entidad na awtorisado upang tumulong sa mga pagsisikap na makatulong sa sakuna.

### Pananaliksik

Maaari namin gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa layunin ng pagsaliksik kung ang isang institusyunal na lupon ng pagrepaso na nangangasiwa sa pagsasaliksik ay nag-apruba sa paggamit ng walang nasusulat na pahintulot.

### Iba pang Paghahayag

Maghahayag kami ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa kliyente kapag hiniling ng batas.

## E. ANG IYONG MGA KARAPATAN TUNGKOL SA PROTEKTADONG IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Ikaw ay mayroong mga sumusunod na karapatan may kinalaman sa iyong impormasyon sa kalusugan. Upang magamit ang mga karapatang ito, kontakin ang CAMINAR, sa 2600 South El Camino Real, Ste 200, San Mateo, CA 94403, Attn: Privacy Official.

### Karapatan upang Humiling ng Kopya ng Abiso ng mga Kasanayan sa Privacy

Mayroong kang karapatan upang humiling at makatanggap ng copya ng Abiso ng mga Kasanayan sa Privacy ng CAMINAR na nasusulat o sa elektronikong porma.

### Karapatan upang Humiling ng Access

Mayroon kang karapatan upang humiling, sumuri at makatanggap ng mga kopya ng iyong mga rekord ng kalusugan sa papel o elektronikong pormat. Maaari naming ibigay ang mga rekord sa iyo o sa isang tao na iyong itinalaga. Sa ilang limitadong mga kalagayan, maaaring tanggihan ng CAMINAR ang iyong hiling na pinahihintulutan ng batas.

### Karapatan upang Humiling ng Espesyal na Proteksyon ng Privacy

- Mayroon kang karapatan upang humiling ng paghihigpit sa paggamit at paghahayag ng iyong impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbayad o operasyon ng pangangalaga sa kalusugan, o pagbibigay ng mga abiso tungkol sa iyong pagkakakilanlan at estado sa taong nagtatanong tungkol o kasangkot sa pangangalaga sa iyo.
- Hindi kami kinakailangang magkaloob ng iyong hiling, maliban kung hilingin mo sa amin na huwag ihayag ang iyong health plan tungkol sa pangangalagang binabayaran mo o ibang tao na nagbabayad.
- Kung kami ay sumang-ayon na tuparin ang iyong hiling, gagawin namin ito hanggang tapusin mo o namin ang paghihigpit, o sa kaganapan ng emerhensya.
- Mayroon ka ring karapatan upang hilingin sa CAMINAR na makipagkomunika ng impormasyon ng kalusugan sa iyo o ibang pang tatanggap, sa pamamagitan ng alternatibong paraan, o alternatibong lugar *(halimbawa, sa iyong tahanan o opisina, o sa iyong cellular na telepono).*

### Karapatan upang Humiling ng Pagbabago

Mayroon kang karapatan upang humiling ng pagbabago sa iyong mga rekord ng kalusugan na pinapanatili ng CAMINAR. Kung tinanggihan ang iyong kahilingan, makakatanggap ka ng nasusulat na abiso, kasama na ang mga dahilan ng pagtanggi, at ang oportunidad na magpasa ng nasusulat na testamento ng hindi pagsang-ayon sa pagtanggi.

### Karapatan sa Accounting ng Paghahayag

Mayroon kang karapatan na makatanggap ng listahan (isang "accounting") ng paghahayag ng iyong impormasyon sa kalusugan na ginawa at pinananatili ng CAMINAR ng nasa hanggang anim (6) na taon bago ang iyong hiling, hindi kasama ang ilang nakagawiang paghahayag o paghahayag na alam mo nang dati.

## F. ABISO NG PAGLABAG SA SEGURIDAD

Aabisuhan ka namin kung mayroong lumitaw na paglabag na maaaring nakakompromiso ng privacy o seguridad ng iyong impormasyon sa kalusugan.

## G. REKLAMO

- Kung naniniwala kang ang karapatan mo sa privacy ay nalabag, maari kang magsampa ng reklamo sa CAMINAR ng berbal sa pamamagitan ng pagtawag sa (650) 372-4080, o sa pagsulat sa 2600 South El Camino Real, Ste 200, San Mateo, CA 94403, Attn: Privacy Official.

- Maaari mo ring kontakin ang Office for Civil Rights, U.S. Department of Health and Human Services, 90 7th Street, Suite 4-100, San Francisco, CA 94103, Telephone: (800) 368-1019; Fax: (202) 619-3818; TDD: (800) 537-7697, o sa pamamagitan ng pagbisita sa: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints.
- **Hindi kami maghihiganti laban sa iyo kung ikaw ay magsampa ng reklamo.**

## H. HIGIT PANG IMPORMASYON

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Abiso ng mga Kasanayan sa Privacy na ito, o nais pa ng higit na impormasyon tungkol sa mga karapatan mo sa privacy, kontakin ang Caminar sa (650) 372-4080 o sa pagsulat sa Caminar, 2600 South El Camino Real, Ste 200, San Mateo, CA 94403, Attn: Privacy Official.